
HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. VI No. 50 NOVEMBER 14,-20, 2022 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034



VICE-MAYOR HOMER SAQUILAYAN
*Imus City, Cavite*

# PBBM's 'pabahay' to help 80 allied industries; create 1.7M jobs



MANILA – President Ferdinand R. Marcos Jr.'s Pambansang Pabahay para sa Pilipino Program can spur economic activities in 80 allied industries of the housing sector once it is fully implemented.

In a recent Senate hearing for the 2023 budget of DHSUD, Secretary Jose Rizalino Acuzar stressed the economic pump-priming (cont. P.5)

## BACOOR LGU, DHSUD COLLABORATE FOR A 2-DAY HOUSING SUMMIT



BACOOR | The City Government of Bacoor in partnership with the Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD)-Region 4A commenced the two-day "Sa Bacoor, At Home Ka Dito!" Housing Summit 2022, on November 3 & 4, 2022 held at the S.T.R.I.K.E Gymnasium, Bacoor Government Center. | **via-PIA Cavite**

## PROTEKTA-DOH LABAN SA W.I.L.D



LOOK | Carmona Mayor Dhalia Loyola together with Department of Health Calabarzon Regional Director Ariel Valencia leads the turnover and distribution of preventive equipment and supplies WILD Diseases today, November 10 at the Carmona Elementary School in Barangay 8 | **via PIA Cavite**






***33 Gentriseño Entrepreneurs mula sa iba't-ibang barangay sa lungsod na naapektuhan ng kalamidad at pandemya ang nabigyan ng P10,000 worth of livelihood assistance mula sa Department of Trade and Industry, sa ilalim ng Pangkabuhayan sa Pagbangon at Ginhawa (PPG) Program.***

***Dinaluhan ang awarding ceremony na ginanap ni Vice-Mayor Jonas Porto Labuguen bilang kinatawan ni Mayor Jon-Jon Ferrer, Ms. Annalyn Varias na kinatawan ni DTI - Cavite Provincial Director Ms. Revelyn Cortez, at Mr. Romel Olimpo, BPLO at Local Economic Development & Investment Promotions Officer.***

***Let's Join Forces for a More Progressive City of General Trias!*** **(City Government of General Trias)**

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09407502964 3 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com




# TREE PLANTING ACTIVITY, MEDICAL MISSION,CONCERT, ILAN SA MGA AKTIBIDAD SA KARAAWAN NI ALFONSO MAYOR SALAMAT

Bilang selebrasyon sa kaarawan ni Alfonso Mayor Randy Salamat, magkakaroon ng Medical Mission, Tree Planting Activity at Free Concert para sa mga mamamayan ng kanilang bayan sa Nobyembre 12, 2022.

Batay sa mga pabatid ni Salamat sa social media, unang magaganap sa umaga ng Biyernes ang Tree Planting Activity sa Sitio Pagong, Brgy. Pajo, na susundan sa tanghali at hapon ng Outreach Program at Medical Mission.

Samantala, ang inaabangan concert ng iba't ibang banda at performers ay magaganap naman sa gabi ng parehong araw.



Ito ay naging taunang kasiyahan sa bayan bilang pagpapasalamat sa mga mamamayan ng Alfonso na patuloy na nakikiisa sa mga programa at proyekto ng LGU.**(GO CAVITE)**

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL P. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**MELLISA LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.Ph EST. 2019

| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |

# PAP SMEAR SAVES LIVES



IMUS | Muling umarangkada ang Family Planning Caravan ng City Health Office sa Bayan Luma V-Sauler Health Center noong Lunes, Nobyembre 7.

Dito nagsagawa ang Imus CHO ng libreng pap smear at implant insertion para sa kababaihan. Siniguro naman ng pamahalaang lungsod na patuloy ang serbisyo ng kanilang mga healthcare worker na maisulong ang iba't ibang serbisyo upang masiguro ang kalusugan ng kababaihan sa kanilang lungsod. | **via Imus City Health Office/ pia cavite**



## MAKATANG KABITENYO

**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## ANG HANGIN

1. Hindi mo makita kahit ka dumilat,
Subali't ang sanga't dahon may pagaspas,
Sumipol kang konti sa payapang pugad,
Sa iyong anyaya ay darating agad.

2. Mabuting kaibigan, masamang kaaway,
Ganyan itong hangin kailangan sa buhay,
Ilang sandal lang na hangin mawalay,
Magiging dahilan nitong pagkamatay.

3. Ang hangin ay likha ng walang balanse,
Ang lupa mainit sa araw ang sabi,
Ang lupa'y malamig sa panig ng gabi,
Ang init paakyat, tunguhin parati.

4. Sa init at lamig hangin malilikha,
Mula sa mainit sa lamig ang tugpa,
Ito'y umaakyat akala'y payapa,
Nguni't pag naipon may dalang pinsala.

5. Pag labis ang init hangin ay lalakas,
At singaw ng tubig kasama sa bagtas,
Ito ay bagyo nang kaaway sa watas,
Wawasakin nito mahina sa landas.

6. Nguni't di rin dapat sumpain ang bagyo,
Dahil sa may gamit namang tama ito,
Na babalensehin ang init sa mundo,
Saka isasabog ang tubig na gusto.

7. Merong elemento na dala ang hangin,
Tinatawag ito sa ngalang nitrogen,
Ito'y isang "inert" na ibig sabihin,
Elementong neutral, marami sa piling.

8. Hangin ay kaibigan, hangin nitong buhay
Bagyong nagwawasak ang hanging kaaway,
Hangin ang pagitang kung tawagin space daw,
Mas maraming hangin sa anumang bagay.



*Kasalukuyang isinasagawa ang 2nd Job Fair ng Public Employment Service Office (PESO) ngayong araw, Nobyembre 9, sa Carmona Community Center, Barangay Cabilang Baybay.*

*Inaanyayahan po ang lahat ng ating mga KABABAYANG JOB SEEKERS na dumalo at makiisa sa ating Job Fair. Maghanda lamang po kayo ng maraming kopya ng inyong resumé.*

*Para sa iba pang katanungan tungkol sa Job Fair at sa mga job vacancies at listahan ng mga kumpanyang kasali, mangyari lamang po na bumisita sa Official Facebook Page ng PESO na PESO Carmona, Cavite* **(Municipality of Carmona, Cavite)**



*Simbolo ng isang maunlaD na Bayan ang tuloy-tuloy na proyekto at mahusay na paglilingkod para sa mga mamamayan. Kaya naman sa paparating na proyekto ng DPWH na Bataan-Cavite Interlink Bridge, nagsagawa tayo ng Consultation Workshop para sa mga mangingisda at mga naghahanap buhay sa dalampasigan ng ating Bayan.*

*Layunin ng workshop na ito na pakinggan ang opinyon at kumustahin ang kalagayan ng ating mga mangingisda para maipagpatuloy at mapaunlad pa ang kanilang sektor sa gitna ng paparating na proyekto.*

*Ipinaaabot ng inyong lingkod ang tauspusong pasasalamat sa mga kawani ng Municipal Environment and Resources Office , Mun. Agriculture, Mun. Fisheries and Aquatic Resources Council at Mun. Planning and Development Office sa pag organisa nito.* **(Municipality of Naic)**




ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

*CONG. ONY FERRER*


## SILID AKLATAN PARA SA BATANG ALFONSEÑO





ALFONSO | Personal na tinanggap ni Mayor Randy Salamat ang mga librong handog ng LINKS Philippines bilang bahagi ng kanilang proyektong LINKS Building Bridges for Children-Hooked on Book (HOB) Project.

Kasama sina Vice Mayor Madonna Mojica Pel, Department of Education (DepEd) District Supervisor Dr. Alicia Francisco, Alfonso Central School Principal Belinda Alegre, at mga piling guro at mag-aaral, masayang tinanggap ng lokal na pamahalaan ang mga libro at library na itatayo sa Alfonso Central School.

Sa social media naman ipinaabot ng alkalde ang kanyang pasasalamat sa mga natanggap ng lokal na tanggapan ng DepEd para sa mga mag-aaral.

Aniya, "Sa dinami-rami po ng lugar sa bansa ay isa ang Alfonso sa mga piling nagawaran ng proyektong ito. Malaking tulong ito sa pagpapalakas ng reading literacy ng aming mga mag-aaral." **| via Pia Cavite/Randy Salamat**


*Pagbati Mula kina:*





**Mayor Alex "AA" Advincula**
*Imus City, Cavite*

**Cong. Adrian Jay 'AJ' Advincula**
*3rd District of Cavite*



# FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**SUN YAT SEN** - Siya ang unang pangulo sa Tsina noong ito ay maging republika matapos bumagsak ang Monarchy noong 1911. Namatay siya sa gulang na 59 taon.



# LET THERE BE LIGHT!

By
Eng'r. VEr Campaña Bautista
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**CALOOCAN - Isang pook sa Tagaytay na hango sa "look" o bay.**

## Paved Road Supports Agri-Communities in Cauayan, Negros Occidental



Locals especially farmers in Cauayan, Negros Occidental now reap the benefits of a newly-paved farm-to-market road completed by the Department of Public Works and Highways (DPWH).

According to DPWH Secretary Manuel M. Bonoan, the road concreting project was undertaken by DPWH Negros Occidental 3rd District Engineering Office in convergence with the Department of Agriculture in the agricultural community of Sitio Bayabas, Barangay Man-uling.

DPWH Region 6 Director Nerie D. Bueno said that with the improved road, people from remote and far-flung areas now have better access to basic government services such as health and education.

"More significantly, it will allow our farmers to conveniently deliver their products to the market at a lesser hauling cost, making them earn more than they used to," Director Bueno added.

The project involved the implementation of 5-meter wide Portland concrete cement pavement (PCCP) stretching 970-lineal meters, with provision of slope protection and application of thermoplastic pavement markings and metal railings.

The road concreting project will alleviate the worries of residents in times of emergency, as they no longer have to travel through muddy and dusty roads and government aid can easily reach the barangay during calamities.**(DPWH)**



# CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**The Haciendas started as " Sahud-Ulan" or agriculture that depended on rain. Later, the dams were constructed and irrigation was introduced. Consequently, the rents paid by tenants increased.**

## P30M farm-to-market road benefits farmers in Pangasinan





Consistent with its effort to improve mobility and support agricultural production, the Department of Public Works and Highways (DPWH) has completed a new farm-to-market road (FMR) connecting two (2) barangays in Pangasinan.

In his report to Secretary Manuel M. Bonoan and Undersecretary Eugenio R. Pipo, Jr, DPWH Region 1 Director Ronnel M. Tan said that the 3.4-kilometer FMR traversing Barangay Bakit-bakit in the Municipality of Rosales to Barangay San Miguel in Balungao is now being utilized by locals, especially farmers, in transporting corn and rice grains to the neighboring trading center.

Funded with P30-million under the 2022 General Appropriations Act (GAA), the project involved concreting of road aimed to reduce travel time from 25 minutes to ten minutes, benefitting even the nearby municipalities of Rosales, Sta. Maria, and Umingan.

The DPWH Pangasinan Third District Engineering Office have also installed 42 units of solar LED lights along the newly-completed road.

"We are targeting to complete more road projects in Pangasinan this year to support the local government's initiative of attracting more tourists and spurring economic growth," added Director Tan.



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Motion Picture Camera - 1888
Motion Picture Projector - 1888
Sunflower -North America
Water lily - worldwide
Pineapple - arthritis
Chico - dysentery
Papaya - diptheria



*Nagbigay ng suporta sa pamamagitan ng Educational Assistance si Carmona Mayor Dahlia Loyola para sa mga miyembro ng CARMONA PERFORMING ARTS GROUP (CPAG), Nobyembre 7.*

*Mensahe ng alkalde, "Nawa ay lalo niyong pagbutihin ang inyong pag-aaral. Makakaasa po kayo na patuloy ang Pamahalaang Bayan sa pagsuporta sa mga programa para sa ating mga kabataan."*






***Congratulations sa 708 beneficiaries ng DSWD Educational Assistance mula sa bayan ng General Mariano Alvarez. Pagbutihin ninyo ang pag-aaral, samantalahin ninyo ang mga binibigay na tulong sa inyo upang makapagtapos kayo. Amin ang karangalan na maging bahagi sa pagkamit ninyo ng inyong mga pangarap.***

## PBBM's 'pabahay'...

(from p. 1)

potentials of the housing and real estate sector.

He said there are about 80 industries allied to housing construction.

Among the top 10 out of 80 allied industries that will benefit from the housing program once fully implemented include steel and metal manufacturing, cement, veneer and plywood, refined petroleum producers, sawmills and wood and wholesale/ retail businesses.

"The housing and real estate industry is a vital economic pump-primer due to more than 80 allied industries attached to the housing sector," Acuzar said.

"Once tapped, the potential of these industries can contribute to the economic growth of our country," he added.

Funding is key

Acuzar emphasized the need for PHP36 billion in funding to jumpstart the construction of the first one million housing units under the program.

The program is also believed to have a significant contribution to the Marcos administration's eight-point economic agenda specifically on job creation.

Earlier, DHSUD also estimated that 1.7 million jobs would be generated when the national housing program goes full blast with construction.

This is based on the estimate that about eight workers are needed to build a housing unit within a certain period of time.

Marcos' Pambansang Pabahay para sa Pilipino Program aims to build one million housing units every year in the next six years to address the country's housing backlog pegged at more than 6.5 million.

To date, the DHSUD has conducted groundbreaking ceremonies in several areas in Luzon, Visayas and Mindanao and engaged local government units to support the program.

The President has inspected the Bagong Sibol Housing Project in Barangay Nangka, Marikina City which is targeting 10,000 government employees and low-income earners.

The Chief Executive also hosted a dinner to rally the support of government financial institutions and even private banks for the program. (PNA)

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Malatungaw bilang halamang gamot



*Scientific name: Melastoma malabathricum Linn.; Melastoma heterostegium Naud.; Melastoma congestum Elm.*
*Common name: Malatungaw (Tagalog); Singapore rhododendron (Ingles)*

Ang malatungaw ay isang halaman na may katamtamang laki na maaaring tumubo sa taas na 2 metro. Ang mga dahon ay bahagyang malapad na may patalim na dulo. bahagya rin itong nababalot ng maliliit na mga buhok. Ang bulaklak naman ay kulay lila at may dilaw na gitna. Karaniwan itong tumutubo sa mababababang lugar sa Luzon, Mindoro at Negros.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Malatungaw?**

Ang iba't ibang bahagi ng malatungaw ay maaaring makuhanan ng ilang uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang dahon at bulaklak ay may taglay na triterpenoids, glycolipids at flavonoids

May taglay din na quercetin 1 at quercitrin 2 ang dahon.

Makukuha din sa halaman ang flavonoids, flavan-3-ols, triterpenes, tannins, anthocyanins, saponins, steroids, glycosides, at phenolics.

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon.** Ang dahon ng malatungaw ay maaaring nguyain, dikdikin at ipantapal sa ilang kondisyon sa balat. Maaari din kainin ang mismong dahon na parang gulay para magamot din ang ilang karamdaman. Mabisa din kung iinumin ang pinaglagaan nito.

**Ugat.** Ang ugat ng halaman ay maaari ding gamitin para sa ilang kondisyon.

**Usbong (shoots).** Ang murang usbong ng halaman ay kadalasang kinain para makagamot.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Malatungaw?**

**Sugat.** Mabisang pantapal ang dinikdik na dahon ng malatungaw para matigil ang pagdurugo ng sugat at maiwasan ang impeksyon.

**Pagtatae.** Ang usbong ng dahon ay dapat kainin para masulosyonan ang kondisyon ng pagtatae. Mainam din inumin ang pinaglagaan ng dahon para magamot ang kondsiyon ng pagtatae.

**Pananakit ng ngipin.** Mabisang paghugas sa bibig ang katas ng ugat ng halaman upang matulungan ang pananakit ng ngipin.

**Altapresyon.** Ang usbong na dahon ng halaman ay dapat ring kainin para mapababa ang presyon ng dugo.

**Diabetes.** Maaari ding gamitin para sa diabetes ang usbong na dahon ng malatungaw.

**Impatso.** Makatutulong din na pabilisin ang pagtunaw ng pagkain kung iinumin ang pinaglagaan ng dahon.

**Almoranas.** Ang pamamaga ng tumbong ay maaring matulungan din kung regular na iinumin ang pinaglagaan ng dahon at ugat ng malatungaw.

**Dysenteria**. Ang malalang kondisyon ng pagtatae ay maaaring magamot naman ng pagkain ng usbong ng halaman.

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
City of Bacoor
Email: rtc1bcrocc@judiciary.gov.ph
Telephone No. 09273707489

**BDO UNIBANK,INC.,**
Mortgagee.
-versus
Foreclosure No. 2022-187
For:Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage

**MARCELINO CONDUCTO SANTOS,**
Mortgagor.
x--------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.,** of BDO Corporate Center, 7899 Makati Ave., Makati City, and against the mortgagor, **MARCELINO CONDUCTO SANTOS** at Blk. 9 Lot 21 Lessandra Bacoor 3, Brgy. Salinas, Bacoor Cavite and #37-A Dr. Sixto Antonio Avenue, Kapasigan Pasig CPO 1600, Pasig City, to satisfy the mortgagee indebtedness which as of October 14, 2022, amounts to ONE MILLION NINE HUNDRED FIFTY SIX THOUSAND THREE HUNDRED FIFTEEN PESOS & 12/100 (P1,956,315.12), Philippine Currency, inclusive of interest and penalty charges, but exclusive of other fees incident to this foreclosure, the undesigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on **December 9, 2022 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described properties with all the improvements thereon, to wit;

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 157-2020010492**

"A PARCEL OF LAND (LOT 21, BLOCK 9 OF THE CONS.-SUBDIVISION PLAN, PCS-04-025873, BEING A PORTION OF PSU-207956 & LOT A, PSD 042103-059673, L.R.C REC. NO. ), SITUATED IN THE BARANGAY OF SALINAS MUNICIPALITY OF BACOOR, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. X X X, CONTAINING AN AREA OF THIRTY SIX (36) SQUARE METERS."

"All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **December 19, 2022**, without further notice.

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances, if any there be.

City of Bacoor, November 8, 2022.

**MELY C. HERMOSURA-VISTA**
Clerk Po OIC-Clerk of Court V

By:
**ROBERT JON A. DELA CRUZ**
Sheriff IV

Copy Furnished:
**BDO UNIBANK, INC.**
RISK MANAGEMENT GROUP-REMEDIAL MANAGEMENT UNIT 11th Floor, BDO Towers Valero, formerly Citi Bank Tower 8741 Paseo de Roxas, Makati City 1226 Metro Manila

**Mr. MARCELINO CONDUCTO SANTOS**
-Blk. 9 Lot 21 Lessandra Bacoor 3, Brgy. Salinas, Bacoor Cavite -#37-A Dr. Sixto Antonio Avenue, Kapasigan Pasig CPO 1600, Pasig City

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

**Humanity news**
**november 14, 21, & 28, 2022**

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**rEgiOnaL triaL COurt**
**BranCH 89**
City of Bacoor
rtc2bcr089@judiciary.gov.ph/09084163855

In re: PETITION FOR ISSUANCE OF NEW OWNER'S DUPLICATE OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-302076 IN LIEU OF THE LOST COPY

**LrC-8843-2022-104**

**sps. EmmanuEL HOLanDa Y sarmiEnt O and minDa CastiLLO sarmiEnt O,**
Petitioners
x----------------------------------------------------------------x

**OrDEr**

This is a petition instituted by Sps. Emmanuel Holanday Sarmiento and Minda Castillo Sarmiento for the issuance of new owner's duplicate of Transfer Certificate of Title No. T-302076 in lieu of the lost copy.

**nOtiCE is giVEn** that the petition is set for hearing on **7 December 2022 at 1:30 in the afternoon.** All those interested are cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Order be published once a week for three consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite.

The Sheriff of this Court is ordered to post copies of this Order in three conspicuous places in the City of Bacoor where the subject property is situated.

Furnish copies of this Order and petition the Registries of Deeds of the City of Bacoor and the Province of Cavite.

SO ORDERED.

GIVEN IN CHAMBERS this 14th day of October 2022 in the City of Bacoor.

**rOsaLinDa E. BELtran-Ka WaDa**
Presiding Judge

Copy furnished:
1. **Carag JamOra sOmEra ViLLarEaL La W OFFiCE** - 4th Floor, G&A Building, 2303 Don Chino Roces Ave. Extension, Makati City/mail@ccislaw.com

2. **sps. Emmanuel Holanday sarmiento & minda Castillo sarmiento** - c/o Cecilia B. Lumba at 21 Towerville Homes, Valor Lane St., Interville 2, Brgy. Culiat, Tandang Sora, Quezon City
3. **registry of Deeds of the province of Cavite** - Trece Martires City, Cavite
4. **registry of Deeds of the City of Bacoor**

**Humanity news**
**november 14, 21, & 28, 2022**

# New DOJ Satellite Office in Ballesteros, Cagayan underway



The Department of Public Works and Highways (DPWH) is currently constructing a new two (2) storey Department of Justice (DOJ) Building in the Municipality of Ballesteros, Cagayan.

In his report to DPWH Secretary Manuel M. Bonoan, DPWH Region 2 Director Nomer Abel P. Canlas said that the facility will serve as the Satellite Office of the Cagayan Provincial Prosecution Office.

Designed with a total floor area of 1,750 square meters, the satellite office will house the Cagayan Provincial Prosecution Office and serve as a workspace for prosecutors of the Department of Justice catering litigants from the towns of Abulug, Allacapan, Ballesteros, Lasam, and Pamplona as well as barangays in Luna and Apayao.

"DPWH is glad to provide assistance to the Department of Justice in making legal services more accessible and convenient for northern towns of Cagayan," said Director Canlas.

A total of P12-million was allocated under the 2021 General Appropriations Act (GAA) for the construction of the facility implemented by DPWH Cagayan Second District Engineering Office (DEO).

# It's Super Halloween at SM




SM is nothing short of activities to make your Halloween extra special this year post lockdown. Kids went to SM wearing their Halloween costumes and had a blast . #Super Halloween At SM 2022 . It isn't just the kids who had fun this Halloween, beloved furbabies also joined the "Super Halloween" festivities, as SM gave them a supersized howl-oween paw-ty. It sure is all treats and no tricks at SM! For more information about SM Supermalls, check out www.smsupermalls.com, or visit @smsupermalls on all social media platforms. **(Photo from SM City San Pablo / Nina wong)**

# Higit 200 Istruktura sa loob ng Road Right of Way ng mga Pinangangalagaang Pook sa Marikina-Rizal-Laguna-Quezon (Marilaque) Highway Binigyan ng Show Cause Orders

***Issuance of SCOs in Rizal***









***Issuance of SCOs in Laguna***









***Issuance of SCOs in Quezon***









Mahigit na 200 Show Cause Orders ang inisyu ng DENR CALABARZON sa mga istruktura sa kahabaan ng Marilaque Highway na napapaloob sa Road Right of Way na itinalaga ng Department of Public Works and Highways sa loob ng mga Pinangangalagaang Pook ng Rizal na kinabibilangan ng Kaliwa River Forest Reserve, Upper Markina Riverbasin Protected Landscape, at Presidential Proclamation 1636 na may bahagi din na sakop ng Laguna at Quezon noong ika-3 ng Nobyembre ng kasalukuyang taon.

Ani DENR CALABARZON Regional Executive Director Nilo B. Tamoria, "Kapuna-puna po ang mga istruktura sa loob ng mga Pinangangalagaang Pook at isa po sa mandato ng DENR, sa pamamagitan ng Protected Area Management Board (PAMB), ay i-enforce ang E-NIPAS. Malaki po ang implikasyon ng mga istrukturang ito sa biodiversity…hindi na po kaila ang epekto ng climate change, kaya po sinimulan po namin sa araw na ito at itutuloy tuloy ang pagse-serve ng show cause order."

Dagdag pa ni Tamoria "Eventually, ang layunin natin sa Protected Area ay mapanatili ang paglago ng ating kagubatan at ng biodiversity…Ang atin pong ginagawa ay bahagi lamang po ng implementasyon ng pagpapatupad ng ating batas, kung may legal na karapatan pong manatili, ay irerespeto po natin iyon, kaya nanawagan po kami sa ating mga kababayan na sumunod lamang po sa batas nang sa gayon ay wala po tayo maging problema."

Ayon sa Section (n) at (o) ng Batas NIPAS (RA 7586, as amended), kailangan ng permiso mula sa Protected Area Management Board (PAMB) at sa DENR bago manatili o magtayo ng kahit anong istruktura sa loob ng Pinangangalagaang Pook.

Ang Show Cause Order ay isang paraan upang mabatid kung ang isang okupante ay may legal na karapatang okupahan ang isang lugar. "Ito po ay proseso para mabigyan natin ng pagkakataon ang mga kababayan nating naninirahan o nag-o-operate ng establishment sa loob ng Protected Area na makapagpaliwanag kung bakit sila naroon", ani RED Tamoria.

Noong ika-27 ng Oktubre ay nagsagawa ng pagpupulong ang DENR CALABARZON kasama ang mga katuwang na ahensya kabilang ang DILG4A, PRO4A, DPWH4A, PIA4A, NICA4A, PA at LGUs bilang paghahanda para sa Sabayang Pag-Isyu ng Show Cause Orders (SCOs) sa mga istruktura sa mga Pinangangalagaan Pook at Timberland sa Rehiyon. Bago ang aktibidad ay pinulong rin ng mga Provincial Environment and Natural Resources Officers at Community Environment and Natural Resources Officers ang mga LGUs, Barangays, at counterparts nito sa mga katuwang na ahensya para bigyang linaw ang mga hakbangin at ikasa ang detalye ng aktibidad.

Patuloy ang pag-isyu ng SCOs sa tatlong probinsya. Susuriin ng DENR CALABARZON ang mga paliwang at kalakip na dokumentong ipinresenta ng mga may-ari ng mga istruktura. Sakaling ang pananatili o/at pagtatayo ng istruktura ng isang okupante ay iligal, papatawan ang may-ari ng kaukulang Notice to Vacate o/at Cease and Desist Order. Ang may ari ng istruktura ay maaaring pagmultahin o sampahan ng kaso.

Ayon sa Section 24 ng DAO 2019-05, ang Protected Area Management Office (PAMO) ay kailangang magsagawa ng imbentaryo ng mga pasilidad sa loob ng Pinangangalagaang Pook. Sa tulong ng DENR, ang PAMB ay maaaring magpatupad ng mga kondisyon hinggil sa operasyon ng mga pasilidad na maaaring magdulot ng masamang epekto sa Pinangangalagaang Pook hanggang sa matalaga ang relokasyon nito. Ang may-ari ng pasilidad ang siyang mananagot mangyaring malabag ang mga kondisyong itinakda.###**(DENR)**

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.VI NO. 50



**Blessing and Turnover of Police Mobile and Service Firearms-** Ang Pamahalaang Lungsod ng Trece Martires kasama si Vice Mayor Bobby Montehermoso at ang 11th Sangguniang Panlungsod ay nagsagawa ng blessing at turnover ng service vehicle para sa ating DILG thru Ma'am Emie Mojica at mga police mobile at service firearms para sa Trece Martires City PNP sa pangunguna ni OIC-Chief PLTCOL Jonathan A Asnan.

Ang nasabing programa ay ginanap sa Trece Martires City Covered Court. Kasama po nating dumalo sina BM Ping Remulla, Vice Mayor Bobby Montehermoso, ang ating mga City Councilors, Brgy Chairman, PCOL Christopher Olazo, Provincial Director, Cavite PPO at PNP personnel.

Asahan nyo po ang aming walang sawang pagtugon sa inyong pangangailangan bilang pagsuporta sa mga programa ng kapulisan sa ating lungsod, Maraming salamat po. Source of fund: POPSPlan 2021 & 2022
Be blessed, Be a blessing!Bagong Trece,Puso ng Cavite, Lungsod ng Pag Asa!

# P50 REBATE, HANDOG NG MAYNILAD SA MGA LUGAR NA TINAMAAN NG BAGYONG PAENG

Magbibigay ng P50 rebate ang Maynilad Water Services Inc. sa mga customer na lubhang naapektuhan ng Tropical Storm Paeng mula sa National Capital Region at lalawigan ng Cavite.

Nasa 35,000 customer ng Maynilad na binaha ang mga bahay ay makakatanggap ng refund sa kanilang water bill sa darating na Disyembre.

Ang rebate ay ipamamahagi matapos ang P1.7-milyong tulong ng Maynilad para mabayaran ang average na halaga ng two-cubic-meter consumption ng mga customer nito sa mga bahagi ng Muntinlupa at Pasay gayundin sa mga lungsod at bayan ng Bacoor, Imus, Kawit at Noveleta sa Cavite.

Ibabawas ang nasabing rebate sa kabuuang halaga ng tubig na nakonsumo ng mga customer nito para sa paglilinis pagkatapos na baha ang kanilang mga tahanan.

"We hope that this assistance, however small, will be of some help to our customers as they recover and rebuild their homes," mensahe ni Maynilad president and chief executive officer Ramoncito Fernandez.

Ang hakbang na ito ng Maynilad na magbigay ng rebate ay pinuri ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System.**(GO CAVITE)**





***Tuloy tuloy ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagtulong sa 3,016 na Imuseñong naapektuhan ng Bagyong #PaengPH nitong Biyernes, Nobyembre 4.***

***Namigay ng relief goods ang City Disaster Risk Reduction Management Office (CDRRMO) kasama ang iba't ibang kawani ng lungsod sa barangay Medicion 1-C, 1-D, 2-A, 2-B, 2-C at 2-D, Toclong 1-A at 1-B, Medicion 2-D at 2C, Poblacion 4-B, at Malagasang 1-C.*** (City Government of Imus)




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

## DO YOU KNOW ?

*Edmund Cartwright invented the Power Loom.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**